



Pana-panahong Manggagawa

Pagpapasuri at pagpapagamot ng COVID-19

Kahit pa wala kang visa, o hindi sigurado sa katayuan ng visa, kailangan mong sumunod sa mga tagubilin ng pampublikong kalusugan. Kung masama ang iyong pakiramdam, humingi ng medikal na atensyon at magpasuri para sa COVID-19.

Nag-aalok ang gobyerno ng mga estado at teritoryo ng libreng pagpapasuri at pagpapagamot ng COVID-19.

- [Kabiserang Teritoryo ng Australia](#)
- [New South Wales](#)
- [Hilagang Teritoryo](#)
- [Queensland](#)
- [Timog Australia](#)
- [Tasmania](#)
- [Victoria](#)
- [Kanluraning Australia](#)

Isa akong Pana-panahong manggagawa o bahagi ng Pamamaraan ng Paggawa sa Pasipiko

Mga may-ari ng subclass 403 visa sa Pamamaraan ng Paggawa sa Pasipiko

Maaari kang mag-apply ng isa pang [subclass 403 visa sa Pamamaraan ng Paggawa sa Pasipiko](#) kung saan inendorso ka at ang iyong employer ng Kagawaran sa Ugnayang Panlabas at Kalakalan na makilahok sa pamamaraan. Papayagan ka ng visa na ito na manatili sa Australia, at patuloy na makapagtrabaho, hanggang sa bumalik ka sa iyong bansang pinanggalingan.

Mga may-ari ng subclass 403 visa sa Programa sa Pana-panahong Manggagawa

Hindi maaaring bigyan ng palugit ang iyong visa. Ngunit, naglunsad ang Gobyerno ng Australia ng mga bagong hakbang para sa mga nagtatrabaho sa mahahalagang sektor bilang tugon sa COVID-19.

Maaari kang maging karapat-dapat para sa [Pansamantalang Aktibidad \(subclass 408\) Itinataguyod na Kaganapan ng Gobyerno ng Australia \(AGEE\) stream visa \(visa kaugnay ng Pandemya sa COVID-19\)](#), kung:

- mag-eexpire ang iyong visa sa loob ng hindi lalampas sa 28 araw
- nag-expire na ang iyong visa, ngunit hindi lalampas sa 28 araw ang nakalipas
- hindi ka makaalis sa Australia
- nagtatrabaho ka sa isang mahalagang sektor para sa COVID-19 na pangangalagang pangkalusugan, pangangalaga sa matatanda at may kapansanan, pangangalaga sa bata, o agrikultura at pagpoproseso ng pagkain.

Papayagan ka ng visa na ito na manatili sa Australia, at patuloy na makapagtrabaho, hanggang sa bumalik ka sa iyong bansang pinanggalingan. I-apply din sa bagong visa ang parehong mga pag-aayos ng Programa sa Pana-panahong Manggagawa at Pamamaraan ng Paggawa sa Pasipiko, kabilang iyojg mga may kaugnayan sa mga amo.

Pagtatrabaho sa isa pang amo

Karaniwang pinapayagan lamang ang mga manggagawa sa Programa sa Pana-panahong Manggagawa o Pamamaraan ng Paggawa sa Pasipiko na magtrabaho sa isang Sponsor/Aprubadong Amo, maliban kung binigyan ka ng pahintulot ng Kagawaran sa Gawaing Pantahanan na magpalit.

Sa panahon ng COVID-19, maaari kang lumipat ng mga Sponsor/Aprubadong Amo. Kung kailangan mong lumipat ng mga Sponsor/Aprubadong Amo, kailangang makipag-ugnayan ang iyong amo sa:

- Kagawaran sa Edukasyon, Kasanayan, at Pagtatrabaho, kung isa kang Pana-panahong Manggagawa
- Kagawaran sa Ugnayang Panlabas at Kalakalan, kung nagtatrabaho ka sa ilalim ng Pamamaraan ng Paggawa sa Pasipiko.

Sa ilalim ng ganitong mga pansamantalang kasunduan, kinakailangan pa ring sumunod ng mga amo sa lahat ng kaugnay na batas sa lugar ng trabaho sa Australia at patuloy kang magkakaroon ng parehong mga karapatan sa ilalim ng batas sa lugar ng trabaho sa Australia gaya ng lahat ng iba pang empleyado.

Kondisyon ng visa 8503 (Walang Karagdagang Pananatili)

Para sa subclass 403 sa Programa sa Pana-panahong Manggagawa, sa panahon ng COVID-19, ang kondisyon 8503 (Walang Karagdagang Pananatili) na nakalakip sa iyong visa ay awtomatikong ipinaubaya para payagan kang mag-apply ng [visa kaugnay ng Pandemya sa COVID-19](#)

Hindi mo na kailangang mag-apply ng waiver para sa kondisyon 8503.

Mga tagal ng pananatili sa mga kasalukuyang visa

Hindi maaaring bigyan ng palugit ang mga kasalukuyang visa. Mawawalan ng bisa ang iyong visa kung nananatili ka pa rin sa Australia sa pagtatapos ng panahon ng iyong pinahintulutang pananatili. Kung hindi ka makaalis sa Australia bago matapos ang panahon ng pananatili, kailangan mong mag-apply ng isa pang visa para manatiling legal hanggang sa puwede ka nang umalis sa Australia.

Kailangan mong talakayin ang iyong mga kalagayan sa iyong amo. Nakikipagtulungan ang Kagawaran sa Edukasyon, Kasanayan at Pagtatrabaho sa mga Aprubadong Amo para magbigay ng patuoy na oportunidad sa trabaho sa mga pana-panahong manggagawa at tiyakin na ligtas at suportado sila.

Maaari kang maging karapat-dapat para sa [visa kaugnay ng Pandemya sa COVID-19](#) kung hindi mo matugunan ang mga kinakailangan para sa isa pang via, kabilang ang visa ng bisita.

Kakailanganin mong ipakita kung bakit hindi mo matutugunan ang mga kinakailangan para sa isa pang visa. Puwedeng kabilang dito ang isang pahayag o katunayan na wala kang akses sa sapat na pondo para makapagbayad ng karagdagang singil sa aplikasyon sa visa (visa application charge o VAC).

Mga kinakailangan sa kwarantina

Kailangang sumunod ng lahat ng may-ari ng visa sa lahat ng pangkalusugang hakbang kaugnay ng COVID-19, kabilang ang panlipunang distansya at pagbubukod ng sarili.

Responsibilidad ng mga pamahalaan ng Estado at Teritoryo ang mga kinakailangan para sa kwarantina at pagbubukod ng sarili para sa mga may-ari ng pansamantalang visa na nagtatrabaho sa agrikultura para mapamahalaan ang pagkalat ng COVID-19.

Tatanggap ng mga pagsangguni ang Kagawaran sa Gawaing Pantahanan mula sa gobyerno ng mga Estado at Teritoryo upang ang mga may-ari ng visa na hindi sumusunod sa mga batas sa pampublikong kalusugan

at kwarantina ay isaalang-alang para sa pagkansela ng visa kung saan sila nagsagawa ng hindi katanggap-tanggap na panganib sa kalusugan.

Makikita ang impormasyon tungkol sa mga batas sa bawat Estado at Teritoryo sa sumusunod na mga link:

- Kabiserang Teritoryo ng Australia (Australian Capital Territory o ACT) - <https://www.health.act.gov.au/>
- New South Wales (NSW) - <https://www.health.nsw.gov.au/Pages/default.aspx>
- Victoria (VIC) - <https://www.dhhs.vic.gov.au/>
- Queensland (QLD) - <https://www.health.qld.gov.au/>
- Kanluraning Australia (Western Australia o WA) - <https://www.health.wa.gov.au/>
- Timog Australia (South Australia o SA) - <https://www.sahealth.sa.gov.au/>
- Hilagang Teritoryo (Northern Territory o NT) - <https://health.nt.gov.au/>
- Tasmania (TAS) - <https://dhhs.tas.gov.au/>

Mga may-ari ng visa na nakararanas ng mga pinansyal na paghihirap

Kung hindi mo kayang suportahan ang sarili mo, dapat kang mag-ayos ng pag-uwi kung maaari.

Kung hindi mo matugunan ang iyong mga kagyat na gastusin sa pamumuhay, maaari kang maka-akses sa hanggang \$10,000 ng iyong Australian superannuation nang walang buwis sa pinansyal na taong 2019-20.